# Ang mga nasa hustong gulang na may kapansanan sa katawan na nakatirang mag-isa sa bahay ay maaaring pamahalaan ang kanilang sariling mga gawain na may kaugnayan sa kalusugan.



## Ano ang Pangangalaga na Pinamamahalaan ng Sarili?

Nagsasagawa kami ng maraming mga gawain sa propesyonal na pangangalagang pangkalusugan para sa aming mga sarili. Binubuksan namin ang isang bote ng iniresetang gamot at iniinom ito ayon sa inutos. Marahil mayroon kaming matagal nang problema sa kalusugan, tulad ng diyabetes, at sinusubaybayan namin ang antas ng asukal sa aming dugo. Maaaring kasama sa iba pang mga gawain sa pangangalagang pangkalusugan ang mga espesyal na programa para sa pagdumi, paglalagay ng catheter para sa pantog, o pangangalaga ng sugat.

Gayunpaman, paano kung pinipigilan ng isang kapansanan sa katawan ang isang nasa hustong gulang na magawa ang isang tungkulin sa pangangalagang pangkalusugan na karaniwan niyang ginagawa? Ang isang nasa hustong gulang na mayroong kapansanan ay maaari na ngayong piliing atasan at pamahalaan ang isang binabayarang personal aide o Indibiduwal na Nagbibigay ng Serbisyo (Individual Provider, IP) upang gawin ang mga nasabing gawain. (Ang isang aide na binabayaran ng ahensiya para sa pangangalaga sa bahay ay hindi maaaring gawin ang mga nasabing gawain.) Noong 1999, nagpasa ng batas (HB 1880, Estado ng Washington) na nagtatag ng karapatang ito na pamamahalaan ng sarili ang pangangalaga.

### Kung mayroon kang kapansanan, nakatira sa bahay, nasa edad na 18 o mas matanda pa, at gustong pamahalaan ang iyong sariling pangangalaga sa kalusugan, ikaw ang responsable sa mga sumusunod:

- Dapat mong sabihin sa propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nag-utos ng paggamot na gusto mong pamahalaan ang isang personal aide o IP upang gawin ang gawain.
- Dapat mayroon kang kinakailangang kaalaman at kakayahan na sanayin ang isang tao na gawin ang mga gawain.
- Dapat mong sanayin ang personal care aide (Individual Provider) upang magsagawa ng mga gawain.
- Dapat mong bantayan ang pagganap ng personal aide o IP.

### Kung tumatanggap ka ng pondo mula sa estado:

- Tiyaking makakatanggap ang IP ng kopya ng plano ng iyong serbisyo.
- Ibigay ang pangalan ng IP sa iyong tagapamahala ng kaso (case manager) o social worker. Awtorisahin ng iyong tagapamahala ng kaso o social worker ang Consumer Direct of Washington (CDWA) na nagpapatrabaho sa iyong IP. Makipag-ugnayan sa CDWA upang ipaalam sa kanila ikaw ang nagse-self direct sa iyong IP. Gagawa ng background check ng criminal history ang CDWA sa mga IP. Hindi babayaran ng CDWA ang mga IP na mayroong criminal history. Magpapanatili ng rehistro ang DSHS ng mga personal aide na nalamang nang-abuso, nagpapabaya, o nananamantala ng mga tao.

# May Mga Tanong?

Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnay sa Pangasiwaan ng Matanda at Pangmatagalang Suporta (Aging ang Long-Term Support Administration)
206-348-2698
TRS: 711
o 1-800-974-1598

Washington State Department of Social & Health Services

*Transforming lives*

DSHS 22-388 TA (Rev. 12/23) Tagalog

Ang Department of Social and Health Services ng Estado ng Washington ay isang employer ng pantay na opurtunidad at hindi nagtatangi sa batayan ng edad, seks, sekswal na oryentasyon, kasarian, pagkakakilanlan/pagpapahayag ng kasarian, istado sa pag-aasawa, lahi, paniniwala, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon o mga pananampalataya, pakikipagsanib sa politika, katayuang militar, marangal na pinauwing beterano, Kapanahunan ng Biyetnam, kamakailanlang nahiwalay o ibang protektado na istado ng beterano, ang pagkakaroon ng anumang pangmalay, kaisipan, pisikal na kapansanan o ang paggamit ng sinanay na aso bilang gabay o serbisyong hayop ng isang tao na may kapansanan, parehas na bayad o impormasyong henetiko.

PRESORTED
STD.
U.S. POSTAGE PAID
Olympia,
Washington
Permit No. 297

**Washington State Department of Social and Health Services**
**Aging and Long-Term Support Administration**
P.O. Box 45600
Olympia, WA 98504-5600

# Pangangalaga na Pinamamahalaan ng Sarili

## Paano Nakakaapaketo sa Iyo Itong Batas ng Mga Karapatang Sibil ng Estado ng Washington



Pangasiwaan ng Matanda at Pangmatagalang Suporta

Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan ng Estado ng Washington